

Loob, Labas, at Gilid: Panimulang Diskurso sa Kasaysayan ng Pagbubuo ng Bayan

Jose Rhommel B. Hernandez
De La Salle University

Abstrak: Ang pag-aaral na ito ay isang panimulang pagbubuo ng kasaysayan ng pag-inog ng pagka-bansang Pilipino. Magsisimula ang pag-aaral sa kaisipang iniluwal ng metodolohiyang *Reducción* o ang paglilipat ng mga mamamayan sa isang kaayusang itinakda ng mga batas ng *Recopilación*. Sa pamamagitan nito, nailapat ang isang pakahulugang kaugnay sa konsepto ng uwi o pag-uwi. Makikitang iniugnay ng mga Español ang *reducción* sa pag-uwi na isang kaisipang may malalim na kahulugan sa bayan. Mabubuo bunga ng pamamaraang ito ang tatlong hati ng bayan. Una, ang mga nasa loob na siyang magiging mga principales. Ikalawa, ang mga nasa labas nito at nanatili sa mga sinauna pang kaayusang malayo sa sentro. Ikatlo, ang mga nasa gilid o mga lumayo sa sentro bunga ng nakikitang mapaniil na kaayusan nito. Nagkakaisa ang tatlong ito sa pagnanais na bumuo ng isang “uwiang may ginhawa.” Ang tatlong bahaging ito ang magiging larangan ng mga ugnayan, pag-uugnayan, at maging pagtutunggalian sa pagsapit ng ika-19 na dantaon. Ang pagbubuo ng uwian ay pagbubuo rin ng bayan. Bubuin ito ng mag-uugnay na tatlong bahagi ng loob, labas, at gilid.

Mga Susing Salita: Loob; labas; gilid; uwi; nasyonalismong Pilipino; bayan

1. PANIMULA

Sa bisa ng isang pagpupulong na ginanap noong 1582, minabuti ng Simbahang Katoliko sa pamumuno ng obispong si Domingo de Salazar, O.P. na maging opisyal na pamamaraan sa pagsasakristiyano ng mga Pilipino ang *Reducción*.¹ Sa pamamagitan nito, naging patakaran ng Pamahalaang Kolonyal na isaayos sa loob ng mga *pueblo* ang mga tila hiwa-hiwalay na pamayanan. Ipinatupad sa loob ng kaayusang ito ang mga batas na itinakda sa *Recopilación* na siyang kalipunan ng mga batas para sa mga kolonya.

Matatagpuan ang mga batas ukol sa *Reducción* sa Libro VI, Titulo III ng *Recopilación*. Binubuo ito ng 29 na batas na ipinatupad mula 1528 hanggang 1646. Pinakamatandang batas ang ika-26 na nagbabawal ng pwersahang pagkuha ng mga probisyon mula sa mga Indio. Pinakahuli ang batas na nagbabawal na manirahan sa mga bayan ng mga Indio ang mga Espanyol, mestiso, at mulato. Sa *Libro IV, Titulo VII, Leyes VIII-X* matatagpuan ang partikular na kaayusang itinakda para sa pagtatayo ng isang plaza mayor at simbahang kalapit ng mga gusaling pampamahalaan. Ayon sa Ley X, parihaba dapat ang plaza at nakatakda ang isang gilid para sa Simbahan, isa pa para sa tribunal, sa paaralan at pamilihan.²

Ang buong panahon ng pagtigil ng mga Español sa Pilipinas ay isang mahabang pagsisikap upang maipasok ang mga Pilipino sa ganitong kaayusan. Sa pagsapit ng ika-19 na dantaon, makikitang nabuo, bunga ng pamamaraang ito ang isang lipunang nahahati sa di kukulangin sa tatlong pangkat. Una, ang mga napasakop at nanatili sa loob ng mga Pueblo. Ikalawa, ang mga di napasakop at sa halip ay nanatili sa kani-kanilang kinagisnang pamumuhay at pamayanan. Ikatlo, ang mga sa simula’y

¹ Tingnan ang Paul Dumol, trans., *The Manila Synod of 1582: The Draft of its Handbook for Confessors* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press), 2014. Gayundin ang Lucio Gutierrez, *Domingo de Salazar, First Bishop of the Philippines, 1512-1594: A Study of His Life and Work* (Manila: University of Santo Thomas Press), 2001.

² *Recopilación de Leyes de los Reynos de Las Indias, Mandadas, Imprimir y Publicar por la Magestad Catolica Del Rey Don Carlos II, Nuestro Señor, Tomo Primero* (Madrid: La Viuda de D. Joaquin Ibarra, Impresora de Dicho Real y Supremo Consejo), 1791.

napasakop subalit nagsilayas mula sa *Pueblo* at namuhay sa mga kabundukan bilang mga tulisan.³

Ang sitwasyong ito ang magiging tanghalan ng mga talaban ng mga kaisipan sa pagbubuo ng bayan. Sa pag-aaral na ito, tatangkaing maiugnay sa isa't-isa ang mga ideyang isisilang sa kaayusang binuo ng pananakop. Magsisimula ito sa pagtuklas ng mga natatagong salaysay at mga kabuluhan nito hanggang sa pagbubuo ng bansa pagsapit sa Himagsikan ng 1896.

2. ANG NATATAGONG PAGKAKAISA

Kung tutuusin, may tatlong linya ng salaysay ang makikita sa kasaysayan ng Pilipinas sa panahong kolonyal ng mga Español. Una ay ang maitatakda bilang Salaysay na Sibil o ang mga pangyayaring may kinalaman sa mga pangyayaring pampamahalaan. Ikalawa ay ang Salaysay na Eklesiyastiko o ang linya ng mga pangyayaring nagmumula sa mga otoridad na pansimbahan. Ikatlo nama'y ang Salaysay ng Bayan o ng mga mismong Pilipinong kumikilos sa loob ng kaayusang Español sa Pilipinas.

Totoong kinikilala ang panahong ito bilang panahon din ng pagkakaisa sa pagitan ng Pamahalaan at Simbahan. Subalit kung susuriing mabuti, makikitang may sariling pagsagwan ang Pamahalaan at may sarili ring pagsagwan ang Simbahan.⁴ At, sa kabila ng kanilang pagpupunyagi na isailalim sa pamamahala ang bayan, kapansin-pansin pa rin ang sariling kilos nito na malayo sa itinatakda ng naunang dalawa.⁵

³ Maaaring tingnan ang Reynaldo C. Ileto, "Rural Life in a Time of Revolution," sa *Filipinos and Their Revolution: Event, Discourse and Historiography* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press), 79-98. Gayundin kay Francis Gealogo, "Ang Hermeneutika ng Pakikipagtunggali: Ang Pagpapakahulugan sa Diskurso ng Pakikibakang Panlipunan," sa *Philippine Social Science Review* (Jan.-Dec., 1994): 1-37.

⁴ Horacio de la Costa, "Church and State Under the Patronato Real," sa *Horacio de la Costa, S.J.: Selected Studies in Philippine Colonial History*, ed. Roberto M. Paterno (Quezon City: The Philippine Province of the Society of Jesus), 50-65.

⁵ John Leddy Phelan, *The Hispanization of the Philippines: Spanish Aims and Filipino Responses, 1565-1700* (Madison: University of Wisconsin Press), 1959. Gayundin sa Reynaldo C. Ileto, *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press), 1979. Pati na sa Vicente L. Rafael, *Contracting Colonialism: Translation and Christian Conversion in Tagalog*

Ganito rin ang makikitang daloy kung bibigyan ng mas malalim na pakahulugan ang *Reducción*. Sa pamahalaang sibil, pangunahing kabuluhan ng *Reducción* ang pagiging mahalagang pamamaraan nito para sa pagbubuo ng *Pueblo*. Ito ang magiging tanda ng kaayusang dulot ng katapatan sa Hari at ang pagkakaroon ng isang mataas na uri ng sibilisasyon. Sa Simbahan nama'y ito ang pinakamabisang paraan ng pagpapakalat ng pananampalatayang Katoliko Kristiyano at paglalagay nito sa sentro ng pamumuhay ng mga tao.

Subalit may ibang dimensyon ang matatagpuan sa ginawang pagsasalin ng mga fraile sa konsepto ng *Reducción*. Hindi matatagpuan ang salitang ito sa mga bokabularyong ginawa ng mga fraile sa Pilipinas. Ang salitang ugat lamang nitong *reducir* ang matatagpuan sa mga bokabularyo. Sa bokabularyo ng Pransiskanong si Pedro de San Buenaventura,⁶ katumbas nito ang salitang OVY na siyang lumang pagbaybay sa UWI. Ipinaliwanag niya ito bilang *ALGO AMENOS DE LO QUE ES* o isang bagay na mas mababa kaysa sa katayuan nito. Maaari ring katumbas ng *reducir* ang YNIOOVI o INIUUWI. Kaugnay din nito ang pagiging REDUCIDO at YNOOVIAN o INIUUWIAN. Tungkol naman sa salitang OVY/OVI/UWI, maaari itong pag-unawa o COMPRENDER; BAJARLE LA CAMISA o ibaba ang kamisa; VOLVER o (umikot) pabalik; MENSTRUO o regla; REDUCIR o bawasan.

Samantala, ganito naman ang makikitang pakabuluhan sa bokabularyo ni Francisco de San Antonio: OVY/UWI- Pagbabalik sa lugar o bahaging nilisan o *VOLVIMIENTO DEL LUGAR O PARTE DE DONDE SALIÓ*: Ang dinadala sa pagbabalik o *AQUELLO QUE TRAE CUANDO VUELVE*. Mula naman sa kahulugang ito, iniuugnay ni San Antonio ang salitang MAOUIING LUPA o *TIERRA FRUCTIFERA*. Sinasabing patalinhangang gamit ito ng MAOUI. Ganito rin ang gamit ng MAOUI sa *MAOUIING ISAING* na nangangahulugang labis na lumalaki o *QUE*

Society Under Early Spanish Rule (Quezon City: Ateneo de Manila University Press), 1988.

⁶ Pedro de San Buenaventura, *Vocabulario de Lengua Tagala* (Pila: Thomas Pinpin y Domingo Laog, 1613), 681.

CRECE MUCHO. Sa kasalukuyan, MAALSANG ISAING, i.e., patungkol sa bigas.⁷

Wala ring entrada para sa salitang *reducción* subalit mayroon para sa *reducir* sa bokabularyo nina Juan de Noceda at Pedro de Sanlucar.⁸ Katumbas nito ang salitang OUI o UWI at PASOCO o PASUKO. Katumbas naman ng OUI o UWI ang bumalik sa pinanggalingan o *VOLVER DE DONDE SALIÓ*; magtungo at mamuhay sa isang bahagi o *IRSE A VIVIR A ALGUNA PARTE*; Magdala ng isang bagay tulad ng dinadala sa pagbabalik o *LLEVAR ALGO COMO LO QUE SE TRAE DE VUELTA*; ang dinadala sa pagbabalik o *LO QUE ES TRAIIDO DE VUELTA*; magbalik upang magsamang muli ang nagkahiwalay na mag-asawa o *VOLVER A JUNTARSE LOS CASADOS APARTADOS*; pabalikin o *SER HECHOS VOLVER*; kostumbre ng babae o *COSTUMBRE DE LA MUJER*; bawasan o tipunin o *REDUCIR O RECOPIRAR*; kita o *GANANCIA*.

Sa pangkalahatan, makikitang umiikot lamang ang *reducir* at ang ibinigay nitong katumbas na uwi/ovy sa konsepto ng pagbabalik sa pinanggalingan. Kaugnay nito, ang pagbabalik sa pinanggalingan ay may dala ring uwi na maihalintulad sa kasalukuyang pasalubong. Katunayan, ang pagiging mauwi ay nangangahulugan ng isang masaganang paglalakbay na maiuugnay pa sa sinaunang pangangayaw na siyang nagdudulot ng kabutihan para sa inuuwiang pamayanan. Kaugnay samakatuwid, ng uwi ang kaginhawahan sa uwian na kung tutuusin ay ang bayan. Ito rin ang dahilan at kabuluhan ng pahayag sa mga sermon ng fraile na manahan at magsi-uwi sa bayan upang doon ay “aralan at alagaan.”⁹

Ang konseptong ito ng pag-uwi ang mag-uugnay sa tatlong pangkat na nabuo bunga ng pananakop. Katulad sa nakararaming Pilipino, naging pag-uwi at paglikha ng uwian ang pagpasok sa mga *reducción*. Kung baga, ang mga nanirahan at nanatiling nasa loob ng *pueblo* ay gumamit ng kanilang panahon dito upang bumuo ng uwian. Lumikha sila ng isang

⁷ Francisco de San Antonio, *Vocabulario Tagalo* (Quezon City: Pulong: Sources for Philippine Studies, 2000), 190.

⁸ Juan de Noceda at Pedro de Sanlucar, *Vocabulario de la Lengua Tagala* (Manila: Imprenta de Ramirez y Giraudier, 1860), 594.

⁹ Jose Mario C. Francisco, *Sermones del Padre Francisco Blancas de San Jose, O.P.* (Quezon City: Pulong: Sources for Philippine Studies), 102.

tahanan/bayang may kaginhawahan sa kabila ng mga institusyong nagpapahirap na mamuhay sa loob nito. Kakabit ng kanilang pagbubuo maging ang kanilang di miminsang mga pagtalilis sa iniuutos ng pamahalaan at mga fraile gayundin ang kanilang mga pag-aalsa. Lahat ng ito’y mga pagsisikap na bumuo ng isang uwiang masagana at maginhawa.

Ang pagbubuo rin ng uwiang maginhawa ang pangunahing dahilan ng pagtangi ng maraming Pilipino na pumasok at magpasakop sa *reducción*. Hindi naging kaila sa mga pangkat ang paghihirap na dinaranas ng mga pumapasok sa pueblo. Hindi rin miminsang tinangkang guluhin ng mga Español ang kanilang mga pamayanan upang maipasok lamang sila sa pueblo. Minabuti nila samakatuwid na manatili sa kanilang pamayanan upang umiwas sa ipinapataw na kahirapan ng kolonyalismo. Ito rin ang makikitang kabuluhan kung bakit kinailangan ng maraming lumayas mula sa pueblo upang mamuhay sa kabundukan. Ang buong pagkilos na ito’y pagbubuo ng isang uwiang may ginhawa. Hindi nakakamit ang ginhawa sa pueblo yamang kaugnay ng pagpasok dito ang pagiging bahagi rin ng isang *encomienda*, pagbabayad ng *tributo*, pagpapasailalim sa *polo y servicios*, *bandala* at iba pang pagpapataw ng pamahalaan at simbahan. Makakamit lamang ito kung tuwirang lalayo mula sa mapanakop na kaaway at mga kapanalig nito.¹⁰

Nagkakaisa ang tatlong pangkat sa kabila ng pagkakahating dulot ng kolonyalismo. Dulot ng kaisipang pag-uwi o uwi ang ugat ng pagkakaisang ito. Ang tatlong pangkat ay nagsisikap na bumuo ng isang uwian. Subalit ang pagkakataong dulot ng kolonyalismo ang pumipigil sa kanilang pag-isahin ang mga pagsisikap na ito. Hindi rin hayag at malay ang mga mamamayan sa pagkakaisang ito. Katunayan, tila may mga pagkakataon pa ngang anti-tetikal sa isa’t-isa ang tatlong pangkat. Kakailanganin ng mga pagbabago at mga pagkilos ng ika-19 na dantaon upang mabuo ang mga pangkat laban sa kaayusang kolonyal sa Pilipinas.

3. ANG IKA-19 NA DANTAON

Ihahanda ng mga pagbabago ng ika-19 na dantaon ang magiging tanghalan ng mga tunggalian. Kung magsisimula sa Europa ang mabilis na industriyalisasyon, sa Pilipinas nama’y magtatangka ang mga Español

¹⁰ May mahabang pagtalakay dito sa Jose Rhommel B. Hernandez, “Reduccion: Ang Pag-uwi sa Diskurso ng Pananakop at *Pakikipagtunggali*,” *Malay* 23, no. 1 (2010): 67-80.

na magpatupad ng mga repormang pasisimulan sa huling dalawang dekada ng ika-18 dantaon. Bagamat may kabagalan at tila nag-aatubili ang mga repormang ito, magiging pagkakataon naman sa maraming nasa loob ng pueblo upang higit na ayusin ang uwiang may ginhawa. Magkakaroon ng mga bagong gitnang uri bunga ng pagbabagong sistema mula sa *encomienda* tungong *hacienda*. Mula sa mga bagong gitnang uring ito ang mga kabataang mabibigyan ng pagkakataong magsipag-aral sa Maynila at Europa dahil sa Repormang Pang-edukasyon pagsapit ng ikalawang hati ng siglo.¹¹

Gayunman, magpapatuloy ang pamumuhay sa malalayong kabundukan. Patuloy pa ring magtatangka ang mga misyonerong maipasok ang mga pamayanang ito sa *reducción* hanggang sa pagsapit ng huling kalahati ng ika-19 na dantaon. Hindi magtatagumpay alinman sa mga pagtatangkang ito kung kaya may mga lumabas na panukalang itatag na lamang ang mga *reducción* at *pueblo* sa mga mismong pamayanan sa itaas ng bundok. Hindi rin naman ito matutupad yamang ang mga pag-uusap at pagpapalano sa mga ito'y aabutan na ng Himagsikan.¹²

Samantala, dahil sa mga kaguluhang pulitikal sa España, magiging mabilis ang mga pagpapalit ng mga empleyadong Español sa Pilipinas. Ang awayan sa pagitan ng mga konserbatibong kakampi ng monarkiya at mga liberal na lumalaban dito ay magdadala rin sa Pilipinas ng mga empleyadong minsa'y konserbatibo at minsa'y liberal. Kapansin-pansin bilang halimbawa ang mabilis na pagpapalit sa pagiging Gobernador Heneral mula kay Carlos de la Torre (1869-1871) patungo kay Rafael Izquierdo (1871-1873). Kaugnay nito, si de la Torre, na isang Liberal, ay nagpatupad ng mga reporma sa Puerto ng Cavite. Sa pagdating naman ni Izquierdo, isang konserbatibo, ay kaagad na binawi ang mga nasabing reporma. Nagkaroon ng pag-aalsa sa Cavite bunga ng pagbawing ito. At, dahil nga konserbatibo ay mahigpit nitong ipinatupad ang kamay na bakal sa pamamagitan ng pagbitay sa mga sangkot sa pag-aalsa kasama na ang

¹¹ John Schumacher, "Rizal in the Context of Nineteenth-Century Philippines," sa *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth Century Filipino Nationalism* (Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1991), 16-34.

¹² Tingnan ang isa sa mga panukalang ito sa Juan Villaverde, *Plan de Misiones Para Reducir a los Igorrotes de Nueva Vizcaya, Isabela y Cagayan* (Manila: Establecimiento Tipografico del Colegio de Sto. Thomas a Cargo de Don Gervasio Memije, 1880).

pinaghihinalaang tatlong pari na sina Gomez, Burgos, at Zamora pagsapit ng 1872.¹³

Bukod pa sa mga pangyayaring ito ang nagresultang pangungurakot ng mga opisyal na Español bunga ng mabilis na pagpapalit ng mga nanunungkulan. Walang layong bumalik ng España ang mga opisyal na ito na walang nakamal na yaman kung kaya sinisimulan kaagad ng mga ito ang pagkamal ng yaman na kaagad din namang titigil kapag nagkaroon na ng bagong opisyal. Kahirapan ang naging dulot nito sa loob na pueblo na siyang nagparami pa sa mga nagsilayas at nanahan sa mga gubat at mga bundok sa paligid upang magbuhay tulisan. Kakabit ng pagdami ng tulisan, itinatag naman ng pamahalaan ang mga Guardia Civil. Layon ng pangkat na itong tugisin ang mga tulisan subalit maraming abuso ang nakamit na siyang lumikha sa pangkat na ito bilang simbolo ng kalupitang Español.

Mabubuksan ng edukasyon ang isip ng mga anak ng Inquilino ng hacienda sa mga bagong kaisipan tungo sa pagbubuo ng isang uwiang may ginhawa. Sa kanilang pag-aaral sa mga institusyong pang-edukasyon ng mga fraile at sa Europa, bagong ideya ng pagbubuo ang kanilang matatagpuan. Higit lalo sa Europa na umaani na ng benepisyong mula sa mahabang proseso ng pagbubuo mula pa sa Gitnang Panahon hanggang sa pagsapit ng Rebolusyong Pranses noong 1789.

4. MGA PAG-ANI AT PAGTUTUNGGALI

Mahaba ang kasaysayan ng pagbubuo sa kinagisnang Europa ng mga Pilipinong nagpapakadalubhasa pagsapit ng ika-19 na dantaon. Sinasabing ika-10 siglo pa lamang ay matutukoy na bilang isang buong bansa ang Inglatera. Mula dito'y nagpatuloy na uminog ang mga ideyang nabuo hanggang sa sumunod na dito ang Francia at iba pang bansa sa Europa na siya namang magiging modelo ng pagbubuo na makakaharap ng mga Pilipinong naghahanap ng alternatibo sa monarkiyang nakilala mula sa España.

Tinatawag na *nación* ang magiging modelo ng tataguriang mga Ilustrado bunga ng *Ilustración* o bersyong Español ng Pranses na *Siècle des Lumières*. Uminog ang konseptong ito mula sa salitang Latin na *Natio*

¹³ John Schumacher, "Rizal in the Context of Nineteenth-Century Philippines," 16-34.

na nangangahulugang ipinanganak. Sa sinaunang Roma, sinasabing may mapanlait itong kabuluhan yamang ginagamit lamang ito sa mga pangkat ng taong ipinanganak sa isang lugar na malayo sa sentro, dayuhan at higit na mababa kaysa isang Romano. Dahil naman sa nasabing kabuluhan, ginamit ang *natio* sa mga estudyanteng nagsisipag-aral sa mga sentro ng Europa at pinag-iisa ng kanilang pinagmulang lugar. Kaugnay nito, sinasabing may apat na naciones sa Unibersidad ng Paris. Binubuo ito ng tinatawag na *l'honorable nation de Paris, la fidèle nation de Picardie, la vénérable nation de Normandie, at ang la constante nation de Germanie*.¹⁴

Ang pagkakaugnay na ito ng *natio* sa mga estudyante ang dahilan ng pagkawala ng mababang pagtingin dito. Ang madalas na pakikipag-talakayan at partisipasyon ng iba't-ibang naciones sa mga aktibidad ng mga intelektwal ang pinagmulan naman ng kabuluhan ng *natio* bilang isang komunidad na may isang layunin. Magpapatuloy ang kaisipang ito subalit madagdagan pa ng bagong kabuluhan bunga ng mga partisipasyon ng mga estudyante sa mga talakayan at mga pagpupulong na kaugnay ng Simbahan. Ginamit ang *natio* bilang taguri sa mga pangkat na kumakatawan sa Simbahan mula sa iba't-ibang lugar kung kaya naging bagong kabuluhan nito ang pagiging kinatawan ng mga pulitikal at kultural na otoridad o kaya nama'y mga elit sa larangang pulitikal at kultural.¹⁵ Ang Inglatera ang siyang unang gagamit sa *natio/nation* bilang isang makapangyarihang mamamayan na siyang aagos naman sa Francia bilang natatanging mamamayan.

Maituturing na buo na ang pundasyong pilosopikal ng nasyong Francia bunga ng mga akda ni Jean-Jacques Rousseau. Sa España, sasabayan ang monarkiyang nabuo pa noong ika-15 dantaon ng mga bagong kaisipang liberal na magmumula rin sa Francia. Sinasabing makararating sa Pilipinas ang mga kaisipang ito sa huling bahagi ng ika-18 dantaon. Taong 1780 nang pasisimulan ang mga repormang bagamat

¹⁴ Liah Greenfeld, *Nationalism: Five Roads to Modernity* (Massachusetts: Harvard University Press, 2001), 4.

¹⁵ *Ibid.*, 5.

hindi nagtagal ay magiging bahagi na ng mga pagsisikap ng mga Español hanggang sa ika-19 na dantaon.¹⁶

Magiging tanghalan ang ika-19 na dantaon ng mga pagbabagong natukoy na sa itaas. Magsisimulang matanim sa Pilipinas ang Nasyonalismo sa pagpapahayag ng Konstitusyon ng Cadiz noong 1812. Nang kumalat ang balitang ipinawalang bisa ito sa Pilipinas noong 1815, isang pag-aaalsa ang naganap mula sa panig ng mga Ilokano sa paniwalang mawawala ang kanilang benepisyo bilang mga mamamayan ng España. Maidadagdag pa rito ang mga naging pag-aaalsa ni Apolinario dela Cruz at ng kanyang *Cofradia de San Jose* sa taong 1842. Kasunod pa ang pag-aaalsa sa Cavite na siyang titimo sa isip ng henerasyon ng mga katulad nina Rizal at Bonifacio. Ang pag-aalsang ito ng 1872 ang siyang dahilan ng pagiging popular ang kaisipang kahit na napakatalino ng isang Indio, papatayin pa rin siya ng Español yamang hindi naman siya kinikilalang kapantay. Matatandaang ayaw nang pag-aralin pa si Rizal ng kanyang ina matapos ang bachiller sa Ateneo yamang baka maging katulad ni Burgos na kamatayan lamang ang kinahinatnan.

Nasa kontekstong ito ang pakikipaglaban ng mga Propagandista para sa reporma sa pamamahalang España sa Pilipinas. Liberal ang katangian ng nasyonalismong mula sa Cadiz subalit ang nasyonalismong panghahawakan ng mga Propagandista ay may pagka-konserbatibo.¹⁷ Ito’y bunga ng katotohanang patuloy nilang hiniling ang pagiging lalawigan ng España ang Pilipinas at pagiging mamamayan nito ang Pilipinas. Subalit sa halip na direktang partisipasyon sa pulitika, ginamit ang peryodiko, panitikan, mga samahan at maging sining upang patunayang ang Indio ay isang Filipino rin, i.e., isang Español na ipinanganak sa Pilipinas.

Ang Nasyonalismong Konserbatibong ito ang siya ring pagmumulan ng isang bagong uri ng nasyonalismo na maaring tagurian bilang Nasyonalismong Radikal.¹⁸ Bunga ito ng pag-uugnay ng taal na tradisyon

¹⁶ Roberto Blanco y Andrés, *Entre Frailes y Clerigos: Las Claves de la Cuestion Clerical en Filipinas 1776-1872* (Madrid: Consejo Superior de Investigaciones Cientificas, 2012), 102-104.

¹⁷ Tingnan ang akda ni Romeo V. Cruz, “Ang Nasyonalismo at Wika,” sa *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipunan*, eds. Pamela C. Constantino at Monico M. Atienza (Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1996), 3-9.

¹⁸ *Ibid.*, 5.

ng *bayan* at ng konserbatibong kaisipan ng Propaganda na hindi naiwasang kumalat bunga ng mga produkto nitong literatura. Sa nasyonalismong ito nagkaisa ang kaisipang naka-ugat sa malayong kaisipan pa ng mga ninuno at ang kaisipang sinalok na mahabang kasaysayan ng ebolusyon ng *nación* sa Europa.

Ang taal na tradisyon ng *bayan* ay naka-ugat, nagmula, at uminog mula sa kaisipang Austronesyano na siyang kinikilala ngayong ninuno ng mga Pilipino. Matanda na samakatuwid ang kaisipang ito, na bagamat natabunan ng kaisipang mula sa napag-aralan ng mga Ilustrado sa Europa, ay patuloy namang umiiral sa kaisipan ng mamamayang hinubog ng kasaysayan ng direktang karanasan ng kaayusang kolonyal. Isang napakahalagang kaisipan ang *bayan* sa buong Pilipinas at maging sa mundong Austronesyano. Bagamat may iba-ibang anyo, may kahulugan lamang itong tumutukoy sa tao at sa teritoryo. May tatlong pangunahing anyo ang konseptong ito. Una, ang salitang *Ili* na katumbas ng Tagalog na bayan sa Ivatan, Iloko, at maging mga Ifugao. Ikalawa ang salitang Bayan sa mga Pangasinense, Kapampangan, at Tagalog. Ikatlo, ang salitang Banwa mula sa Kabikolan hanggang Kabisayaan at sa Mindanao (e.g. Magindanao, Maranao, Tausug).

Mula sa mga pangkat ng bahay/balay (bahayan/balayan), uminog ang mga konseptong ito at pagsapit ng kolonyalismo ay nasa antas na ng mga Estadong Etniko katulad ng Sultanato, Karadyahan, at Kadatuhan. Pundamental sa mga anyong ito ang pagiging magkakamag-anak ng mga nasasakupang mamamayan. Bukod pa dito, mapapansin din ang kanilang pagkakatulad sa larangan ng kalinangan na nahahayag sa pananampalataya (e.g. Anyitu, Anito, Aninito) at kaisipan.¹⁹ Kapansin-pansin sa larangang pangkaisipan ang pagkakatulad-tulad ng mga simbolo at mga ritwal mula sa iba't-ibang panig ng Pilipinas at mundong Austronesyano. Dagdag pa rito, hindi hiwalay sa isa't-isa ang mga mamamayan mula sa kanilang pagturing sa kalawakan, kalupaan, at maging kanilang pamahalaan. Hayag ito sa kanilang mga kaugaliang

¹⁹ Tingnan ang pagkakaugnay ng mga konsepto ng Anito sa Jose Rhommel B. Hernandez, "Manipulasyon o Pakikipag-kapwa: Ang Ugnayang Tao-Anito sa Sinaunang Pananampalatayang Pilipino," *Malay* 27, no. 1 (2014): 84-95.

naka-sentro sa kanilang pagtatangi sa mga Anito tulad ng kabayanihan at katapangan.²⁰

Tunay nga marahil na naitulak ng Nasyonalismong Konserbatibo ang kaisipan ng mga mamamayan. Subalit higit na nakapaloob ang mga mamamayan sa isang tradisyong minana pa sa mga ninuno at hindi sa tradisyong sinahod lamang sa Europa. Sa linyang ito umani ang bayan pagsapit ng kanilang harapang pakikipagtunggali sa Monarkiya at Imperyong Español. Mula sa tradisyong hinabi ng mga ninuno, isisilang ang kaisipan ng Haring Bayan na siyang magiging batayan ng pagkakaisang binuo ng Katipunan ng mga Anak ng Bayan. Sa puntong ito magkakaisa ang loob, labas, at gilid ng pueblo. Subalit pansamantala lamang ito yamang papalarin ang mga konserbatibong nasa loob na agawin ang pamumuno ng kapatiran. Isasantabi ang pagkakaisang-loob at pag-uugnay sa mga ninuno ng tradisyong nagnanais lamang ng pagkakaisa sa pamamagitan ng isang pamahalaan. Mauunsiyami samakatuwid, ang isang bansang pinangarap na magkakaisa hindi lamang sa pamahalaan kundi maging ang kalooban ng mga mamamayan.

Bagamat magagapi ang kinalabang imperyo, darating naman ang mga mananakop na Amerikano. Magpapatuloy ang pagkakahati sa pagitan ng loob, labas, at gilid. Patuloy din ang laban, subalit matatakpan ang pagbubuo ng magkakaugnay na kalooban. Kung kaya, bagamat may iisang pamahalaan base sa kaayusang Amerikano, patuloy na magkakahati sa pagsisikap na bumuo ng uwiang may kaginhawahan ang loob, labas, at gilid.

5. KONKLUSYON

Sa pangkalahatan, nagsimula ang pagdaloy nitong panimulang pag-aaral sa panahon ng pupusang kolonisasyon ng mga Español. Sinikap nilang isaayos ang lipunang tinatawag ngayong Pilipino sa ilalim ng isang kaayusang pisikal, ideolohikal, at pulitikal. Sa pagsasalin ng kanilang pangunahing pamamaraan para dito, ginamit ang isang mayamang konseptong umiiral na sa kaisipan ng mga tao. Ito ang konsepto ng pag-

²⁰ Makikita ang magkakaugnay at tila magkakatulad ding tradisyon sa iba't-ibang panig ng Mundong Austronesyano higit lalo na ang kaisipan o konsepto ng bayan sa Zeus A. Salazar, *Ang Pilipinong Banua/Banwa sa Mundong Melano-Polynesiano* (Lungsod Quezon: BAKAS/Bagong Kasaysayan, 2006).

uwi. Gayunman, sa kabila ng pagnanais na pag-isahin ang mga Pilipino sa ilalim ng kaisahang pisikal, ideolohikal at pulitikal, nagdulot naman ito ng bagong pagkakahati na naka-sentro sa kaayusan ng pueblo.

Sa loob ng pueblo nanahan ang mga mamamayang tumanggap sa kaayusang ipinataw ng mga mananakop. Bunga nito, nalikha ang kaayusang naaayon man sa kaayusan ng isang uwian ay naghiwalay din naman sa mga dating kasamaham o kamag-anakan. Mayroon ding hindi tumanggap at nanatili sa kanilang pamumuhay at uwian bago pa man ang bagong kaayusan. Mayroon din namang lumabas sa kaayusan matapos na maranasan ang hindi magandang dulot nito sa buhay. Gayunman, sa loob, labas, o gilid man ng pueblo, sinikap pa ring buuin ng mga taong ito ang isang uwiang may kaginhawahan.

Naging larangan naman ng mga pagbabago ang pagsapit ng ika-19 na dantaon. Sa panahong ito, isinilang ang isang uri ng mga mamamayang may kakayahang pumasok sa kaisipang dayuhan bunga ng kanilang pag-aaral sa Pilipinas man o sa Europa. Isang modelo ng bagong uwian ang matatamo ng pangkat na ito, ang uwiang tinatawag na *nación*. Sisikapin nilang iangkop ang nasabing modelo sa Pilipinas. Kasabay naman nito ang isang modelong pinanday ng mahaba at malayong kasaysayan ng mga ninuno ng mga Pilipino. Mag-uugnay kung baga, sa panahong ito ang tradisyon ng *nación* at bayan. Pangunahing katangian ng *nacion* ang pagkilala sa soberanya ng isang pangkat ng mamamayan, samantalang pangunahin naman katangian ng bayan ang pag-uugnay ng kalooban ng bawat isa, sa kanyang kapwa, sa lipunan at maging sa kalikasan at mga Anito. Mula dito'y mabubuo ang konsepto ng Haring Bayan ng Katipunan. Ito ang magiging hugpungan ng loob, labas, at gilid yamang ito ang magiging simula ng kanilang pagkakaisa laban sa mananakop.

Aanihin samakatuwid, sa ika-19 na dantaon ang natatagong pagkakaisa na nahubog ng pakikipag-ugnayan sa isa't-isa at maging sa iba. Isang malinaw na kabuuan ang napanday ng panahong ito. Gayunman, hindi magtatagal ang pagkakaisang ito. Patuloy na matatakpan ng tradisyong *nacion* ang tradisyong bayan. Patuloy din naman ang natatagong pagkakaisa ng pagtatatag at pagpapatatag sa isang uwiang may kaginhawahan.

TALASANGGUNIAN

- Blanco y Andrés, Roberto. *Entre Frailes y Clerigos: Las Claves de la Cuestion Clerical en Filipinas (1776-1872)*, 102-104. Madrid: Consejo Superior de Investigaciones Cientificas, 2012.
- Cruz, R.V. "Ang Nasyonalismo at Wika." Sa *Mga Piling Diskurso sa Wika at Lipuna*, edited by Pamela C. Constantino at Monico M. Atienza, 3-9. Lungsod Quezon: University of the Philippines Press, 1996.
- de la Costa, Horacio. "Church and State Under the Patronato Real." Sa *Horacio de la Costa, S.J.: Selected Studies in Philippine Colonial History*, edited by Roberto M. Paterno, 50-65. Quezon City: The Philippine Province of the Society of Jesus.
- de Noceda, Juan at Pedro de Sanlucar. *Vocabulario de la Lengua Tagala*, 594. Manila: Imprenta de Ramirez y Giraudier, 1860.
- de San Antonio, Francisco. *Vocabulario Tagalo*, 190. Quezon City: Pulong: Sources for Philippine Studies, 2000.
- de San Buenaventura, Pedro. *Vocabulario de Lengua Tagala*, 681. Pila: Thomas Pinpin y Domingo Laog, 1613.
- Dumol, Paul. *The Manila Synod of 1582: The Draft of its Handbook for Confessors*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 2014.
- Francisco, J.M.C. *Sermones del Padre Francisco Blancas de San Jose, O.P.*, 102. Quezon City: Pulong: Sources for Philippine Studies.
- Gealogo, Francis. "Ang Hermeneutika ng Pakikipagtunggali: Ang Pagpapakahulugan sa Diskurso ng Pakikibakang Panlipunan." *Philippine Social Science Review* (Jan.-Dec., 1994): 1-37.
- Greenfeld, Liah. *Nationalism: Five Roads to Modernity*, 4. Massachusetts: Harvard University Press, 2001.
- Gutierrez, Lucio. *Domingo de Salazar, O.P: First Bishop of the Philippines, 1512-1594: A Study of His Life and Work*. Manila: University of Santo Thomas Press, 2001.
- Hernandez, J.R.B. "Manipulasyon o Pakikipag-kapwa: Ang Ugnayang Tao-Anito sa Sinaunang Pananampalatayang Pilipino." *Malay* 27, no. 1 (2014): 84-95.
- _____. *Reduccion: Ang Pag-uwi sa Diskurso ng Pananakop at Pakikipagtunggali*. *Malay* 23, no. 1 (2010): 67-80.
- Ileto, Reynaldo. *Pasyon and Revolution: Popular Movements in the Philippines, 1840-1910*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1979.
- _____. "Rural Life in a Time of Revolution." Sa *Filipinos and Their Revolution: Event, Discourse and Historiography*, 79-98. Quezon City: Ateneo de Manila University Press.

-
- Phelan, John Leddy. *The Hispanization of the Philippines: Spanish Aims and Filipino Responses, 1565-1700*. Madison: University of Wisconsin Press, 1959.
- Rafael, Vicente. *Contracting Colonialism: Translation and Christian Conversion in Tagalog Society Under Early Spanish Rule*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1988.
- Recopilación de Leyes de los Reynos de Las Indias, Mandadas, Imprimir y Publicar por la Magestad Catolica Del Rey Don Carlos II, Nuestro Señor, Tomo Primero*. Madrid: La Viuda de D. Joaquin Ibarra, Impresora de Dicho Real y Supremo Consejo, 1791.
- Salazar, Zeus. *Ang Pilipinong Banua/Banwa sa Mundong Melano-Polynesiano*. Lungsod Quezon: BAKAS/ Bagong Kasaysayan, 2006.
- Schumacher, John "Rizal in the Context of Nineteenth-Century Philippines." Sa *The Making of a Nation: Essays on Nineteenth Century Filipino Nationalism*, 16-34. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1991.
- Villaverde, Juan. *Plan de Misiones Para Reducir a los Igorrotes de Nueva Vizcaya, Isabela y Cagayan*. Manila: Establecimiento Tipografico del Colegio de Sto. Thomas a Cargo de Don Gervasio Memije, 1880.